MINDORO ISLAND OBSERVER
Since 1969
Mata ng Bayan, Sige sa Balita
P10
Vol. XXXVIX, No.7 e-mail: tworivers_inc@yahoo.com Feb. 8-14,

# Calapan Taekwondo Team humkot ng medalya

(Story on Page 4)

# PAPI nanawagan sa mas agresibong media

NANAWAGAN ang Publishers Association of the Philippines (PAPI) para sa matapang at mas agresibong media laban sa mga katiwalian sa gobyerno at nagmungkahi ng mga hakbang para sa kaunlarang pang-ekonomiya ng bansa.

Sa pulong ng PAPI National Board kamakailan sa Manila, sinabi ni Mario S. Romero, PAPI director

(Sundan sa Pahina 3)



Mar Romero




# Bomb threat sows panic at Calapan BIR Office

By Jerry Alcayde

**PANIC and pandemonium engulfed the Bureau of Internal Revenue (BI R) office in Calapan City recently after a lady employee recieved a bomb threat in the telephone.**

Investigations made by P/Supt. Bonard Briton, Calapan PNP chief, showed that at about 1:42 pm, on January 27, four succesive telephone calls were received by Irene Casapao, 32, a casual employee at the Calapan BIR office, informing her that a bomb will be detonated anytime inside the said office.

The people and employees inside run outside the building on J.P. Rizal St. With bated breath, they watched and waited for the explosion to happen.

The BIR office is located at the second floor of the Hungry Kings restaurant.

But for almost one hour after the police investigators arrived and made a room-to-room search, no bomb was found nor exploded.

Briton said the threat must be the handiwork of people "investigated" by the BIR,

(Turn to Page 4)

## Special boat unit to protect Palawan sea lanes

THE Maritime Group (Marig), one of the support units of the Philippine National Police (PNP), will soon activate its Special Boat Unit (SBU) that was created to protect government vital installations and sea lanes in Palawan.

This was disclosed by Supt. Cornelio R. Salinas, outgoing regional officer of Maritime Office in Western Visayas who was

(Turn to Page 2)



TERMINAL FEE PUBLIC HEARING. . BagamaN nagkaroon na ng naunang pagdinig tungkol sa paniningil ng P20 sa bawat pasahero na dumadaan sa passenger terminal building sa Calapan City Pier, hiniling muli ng Sangguniang Panlalawigan na magkaroon ng totohanang public hearing tungkol sa kontrobersyal na koleksyong ito ng Philippine Ports Authority (PPA). Kuha ni Jerry Alcayde

## Sudoku

Tricks

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | | | | | | 3 | |
| 5 | | 2 | | | | 7 | | 6 |
| | | | 9 | | 7 | | | |
| 3 | | | 1 | | 6 | | | 8 |
| 2 | | | | 7 | | | | 3 |
| 1 | | | 8 | | 2 | | | 5 |
| | | | 4 | | 8 | | | |
| 9 | | 8 | | | | 2 | | 7 |
| | 5 | | | | | | 8 | |

SAGOT SA PAHINA 2

## Palipat ng reg'l offices sa Calapan, suportado ni Mayor Doy

"IKINAGAGALAK po naming maging mga kababayan namin kayo rito sa Lungsod ng Calapan."

Ito ang ipinahayag ni City Mayor Doy C. Leachon sa pulong ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan at mga direktor ng lilipat na *Regional Line Agencies* ng Mimaropa noong Enero 27

(Turn to Page 3)

## Calapan PNP, 2 sunod na taon 'Best Police Station' sa Mimaropa

MULING nakuha ng Calapan City Police Station ang karangalan bilang Most Outstanding Police Station ng Mimaropa Region A.

Pinarangalan din si Calapan |City Mayor Doy Leachon ng parangal ng PNP bilang *supporter* at *promoter of peace and order* sa Mimaropa .

Iginawad ang mga nasabing parangal sa pagdiriwang ng ika-18 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng PNP noong Enero 27 sa PNP Mimaropa Headquarters, Camp Efigenio C. Navarro sa Brgy. Suqui, Lungsod ng Calapan.

Kasama na nabigyan ng parangal ni Mayor Leachon si San Fernando, Romblon Mayor Nanette Tansingco.

Ayon sa punong lungsod, labis ang kanyang



Mayor Doy Leachon

(Turn to Page 3)

"Entered as Second Class Mail Matter" at the Calapan Post Office, Oriental Mindoro on February 27, 2008.

## Sa Tawa-tawa: The small Pinay idol

(Basahin sa Pahina 4)

# Ilang Pagninilay sa Pagdalaw ni Fr. Fernando Suarez sa Calapan



## Sa Maikling Salita

Ni Fr. Bar Fabella, SVD

NOONG nakaraang Sabado, naging panauhin sa Calapan ang kilalang healing priest na si Fr. Fernando Suarez.

Dinagsa ang Cathedral (kung saan isinagawa ang pagpapagaling) ng napakaraming tao mula sa iba't ibang bahagi ng Mindoro.

Sa pamamagitan ng isang lokal na cable TV service, nasaksihan ng marami ang iba't ibang testimonya ng mga pinalad na mabasbasan ni Fr. Suarez.

Habang pinanonood ko ito, lubos ang aking pagkamangha kung paano ang isang karaniwang pari ay magkaroon ng ganoong kapangyarihan sa pamamagitan lamang ng kanyang panalangin at paghipo.

Tunay ngang ang Diyos ay maaaring gumamit ng mga instrumento upang ipahayag ang kanyang pagmamahal at pagmamalasakit sa kanyang bayan. Naaalala nating sa banal na kasulatan, maging ang mga alagad ni Kristo ay namangha sa angking kapangyarihang magpagaling at magpalayas ng masasamang espiritu matapos silang atasan ni Kristo.

Alalahanin lamang sana nating lagi na ang pasasalamat ay palaging sa Diyos sapagkat siya lamang ang tunay na pinagmumulan ng ganitong kapangyarihan

Lahat na yata ng uri ng tao ay dumagsa sa Cathedral noong araw na iyon, walang mahirap o mayaman. Maging ilang matataas na opisyal ng pamahalaan ay naroong kasama ng mga karaniwang mamamayan sa kanilang pagpila upang makatanggap ng pagbabasbas.

Ang gawaing iyon ay nagsasalarawan lamang ng kung paano tumitingin ang Simbahan sa mga kasapi nito. Ang mga patakaran ng ating lokal na Simbahan ay nagpapatunay na dito, lahat ay pantay-pantay.

Lumipas na ang panahong sa pagtanggap ng mga sakramento, may espesyal at may ordinaryo. Batay ito sa katotohanang ang biyaya ng Diyos ay para sa lahat.

Di ko malaman kung matatawa o malulungkot habang kitang-kita sa live coverage ang pagkakagulo ng mga sa loob ng Cathedral sa pagnanais na makarating agad sa unahan ng pila.

Sa kabila ng maraming ""marshals" na itinalaga, di pa rin maiwasang lumabag sa itinalagang sistema na maaaring sana ay subok na sa maraming mga lugar na pinuntahan ni Fr. Suarez at ng kanyang mga kasamahan.

Hanga ako sa pagtitimpi ni Fr. Nes Adalia, ang Kura Paroko ng Cathedral, na noon ay halatang nahihirapan na sa pagtulong sa pagsasaayos ng sitwasyon. Matatawa ka at malulungkot sapagkat maging sa ganitong napakabanal na okasyon ay lumalabas ang ilang di kaaya-ayang ugali nating mga Pilipino — crab-mentality, wika nga.

Sana, sa ating paghiling ng biyaya sa Diyos, di lamang natin hilingin ang kagalingan ng ating mga pangkatawang karamdaman, kundi ganun din ang mga pang-espiritual nating karamdaman.

*(Anuman pong reaksyon o komento sa mga pagninilay ng may akda ay maaari ninyong ipadala sa e-mail address na ito: ibarra_svd@yahoo.com Maraming salamat po.)*




# Traidor

**TUTOL kami sa resolusyon ni Speaker Prospero Nograsles na nagbibigay nga 100 % karapatan sa mga dayuhang mamamayan at korporasyon na magmay-ari ng mga lupain sa Pilipinas.**

**Para na nating ibinenta sa mga dayuhan ang ating bansa.**

**Nagpatupad tayo ng Land Reform Program upang magkaroon ng lupa ang mahihirap na magsasakang matagal nang alipin sa mga lupang sakahan.**

**Marami sa kanila ang hindi nabigyan ng lupa, sapagkat maraming hacienda ang ginawang subdibisyon, industrial park at kung anu-ano pa para makaiwas sa batas.**

**Nakabitin pa ang extension ng implementasyon nito.**

**Kapag pinayagan ang mga dayuhang magmay-ari ng lupain sa Pilipinas, wala nang pag-asang magkaroon pa ang magsasakang magkaroon ng lupa. Maging ang may kapirasong lupa ay mawawalan ng lupa sapagkat matutukso silang ibenta ito sa mga dayuhan sa napakataas na presyo.**

**Hanggang sa ang buong lupain ng Pilipinas ay mapasadayuhan at mga Pilipino na ang mga dayuhan sa sariling bansa na maaaring palasin ano mang oras.**

**Nasaksihan na natin ang ganito maski sa mga videoke bar na pag-aari ng mga dayuhan. Nakita natin kung paano hindi makalapit man lang ang mga mangingisda sa Elephant Island sa Marinduque dahil ito'y pag-aari na ng kompanyang Hapones.**

**Paano kung ang malaking bahagi ng Mindoro, Romblon o Palawan ay mga farm na pag-aari na ng mga dayuhan.**

**Saan tayo titira? Saan tayo magtatayo ng bahay? Saan tayo magsasaka? Saan tayo kukuha ng pagkain?**

**Bibili (iimport) ba tayo buhat sa mga farm na ito dito mismo sa ating bansa?**

**Ano ang tawag natin sa mga taong nagbebenta sa mga lupain at kayamanang-likas ng bansa? Di ba mga traidor.**

**Di ba ang mga traidor ay binibitay o binabaril ng taongbayan?**

**At ano ang tawag sa mga mamamayang di kumikilos, walang ginagawa at di nagagalit sa harap ng ganitong pangyayari?**

**Tayo'y mga Pinoy. Tayo'y hindi tanga.**

# A position paper against the scandalous prevalence of illegal gambling in the Municipality of Odiongan

**FOUNDED JANUARY 1969**

ISLAND OBSERVER

**E-mail: is.observer@yahoo.com**
**tworivers_inc@yahoo.com**

**The Island Observer** is jointly published weekly by the Romero Printing Services in Calapan City and the Mindoro Printing and Publishing in Gloria, Oriental Mindoro.

**Mario S. Romero**
*Founder/Publisher*

**Pat Sosa Sigue**
*Editor-in-Chief*

**Bren del Rosario**
*Contributing Editor*

**Chicklet S. Ramos**
*Features Editor (Singapore)*

**Giancarlo S. Garcia**
*Campus Editor(San Beda)*

**Raquel Romero Garcia**
*Italy Correspondent*

**Peter Palo Sigue**
*Marketing & Promotions*

**Patrick Tan Sigue**
*Photo Editor/Layout*

**Princetone Tan Sigue**
*Computer Graphics/ Website Manager*

**Tess Sawali**
*Office & Marketing Assistant*

**Willy Saguid Sigue**
*Production*

**Atty. Odel Janda**
**Atty. Roland Ysrael R. Atienza**
*Legal Counsels*

Member: National Press Club (NPC), Kapisanan ng mga Mamamahayag ng Mindoro, Inc. (**Kammi**), Philippine Agricultural Journalists, Inc. (PAJ) and Publishers Association of the Philippines (PAPI).

**"Entered as Second Class Mail Matter" at the Calapan Post Office, Oriental Mindoro on February 27, 2008.**

***(Pwede kayong magpadala ng mga reaksiyon, press release, artikulo, katatawanan at iba pang lathalain. I-text sa 09285075699 o e-mail sa tworivers_inc@yahoo.com Ilagay ang pangalan kung gustong malathala.***

By: Mario G. Fradejas Jr.
*(First of a Series)*

ALL forms of gambling that involve placing money or anything of value as bet wagered in a game, whether legal or illegal, is a vice, a degrading immoral practice. Like other vices such as liquor, drugs and smoking it is addictive.

The person who gambles every time there is an opportunity to gamble intensifies his addiction and inevitably ripens into a compulsive gambler, a moral wreck bereft of any sense of responsibility to himself, to family and to the community.

The compulsive gambler is incapable of self dependence, relies on chance rather than on productive instinct to secure what he wants and has a tendency to be mendicant. He is lazy and hopes to gain only from the chance of winning that is almost always a false hope.

As a moral wreck the compulsive gambler does not recognize the distinction between virtue and vice. He is a non-entity in any program or plan for progress and development.

Because of his vicious character, he is a liability to society as a potential thief, swindler or even a harbinger of prostitution and criminality. He is easily hooked to liquor, drugs, and smoking, vices that invariably cause failing health and, eventually, susceptibility to diseases.

**The evils of illegal gambling**

*1) Where there is an abundance of facilities and opportunities for gambling the number of compulsive gamblers multiply rapidly.*

Aside from the legal cockfights and lotto draws, there is also widespread prevalence of illegal gambling here in Odiongan, namely:

1.) Tupada (illegal cock fighting), 2.) Loteng (an illegal numbers game where winning is determined by the first two numbers of the winning combination numbers in a lotto jackpot draw; 3.) Ending (an illegal numbers game wherein winning is determined by the combination of the last digits of the scores of the winning and losing teams in a basketball game; and 4.) Pula-puti (an illegal gambling game wherein winning is determined by the settling of two pingpong balls in either the red or white compartments beneath a cone-shape tube through which the pingpong balls are dropped.

There are tupadas regularly once a week in certain barangays and three days or more during the fiesta celebration of a barangay, usually accompanied by pula-puti.

This abundance of facilities and opportunities to gamble fuel the intensification of gambling addiction providing the community with a bountiful crop of compulsive gamblers. These illegal gambling activities, we are sad to say, are due to the bad habits of our officials and police who tolerate them due to their superficial and perverted perceptions regarding their official duties and functions, bordering on sheer ignorance and stupidity.

2) *The enormous investment of government in terms of financial support to its educational program, along with the herculean efforts of teachers, are uselessly laid to waste.*

A big chunk of the national income is appropriated in the annual budget, among the most sizable of the different departments, in support of education. ***(To be continued)***

# 4.5 quake rocks Mindoro

A MAGNITUDE-4.5 quake rocked Mindoro and nearby areas of Southern Luzon Tuesday (Feb. 3). night, but no casualty or damage was reported.

The quake was recorded at 8:31 p.m., with the epicenter traced to 110 km east-southeast of Calapan.

The epicenter was also 120 km south-soutwest of San Pedro, Laguna; 145 km southeast of Batangas; or 225 km south-southeast of Manila.

## SPECIAL...

*(From Page 1)*

picked by the MARIG headquarters to head the new unit.

This will be his additional assignment after his appointment as incoming regional officer of the Maritime Office IV–B composed of Mindoro, Marinduque, Romblon and Palawan (MIMAROPA).

Salinas said 91 Police Officers 1 (PO1) have been detailed for the SBU.

The creation of the SBU was supported by the United States Department of Justice (US-DOJ) as part of its International Criminal Investigative Training Assistance Program (Icitap).

The DOJ-Icitap, according to Salinas, will donate a patrol craft for the special unit.

"We will be working jointly with the Philippine Navy and the Philippine Coast Guard (PCG) to protect the sea lanes of Palawan," he said.

Salinas stressed that the role of the SBU is important in providing security to vital installations such as the Malampaya Oil Field and oil rigs in line with oil drillings in Palawan.

Salinas will be replaced by Supt. Jose S. Tabora as the incoming regional officer of the Maritime Office 6.

Tabora was previously assigned in the Caraga region.

## PAGLIPAT...

*(Buhat sa Pahina 1)*

sa Wil's Diner, Sta. Maria Village, Calapan City.

Binigyang diin ni Leachon na ang tunay na dahilan ng nasabing pagpupulong ay upang lubusan at masusing mapaghandaan ang paglipat ng mga pangunahing ahensya ng rehiyon sa Lungsod ng Calapan batay sa isang tagubilin mula kay Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo.

Inisa-isa rin ni Leachon ang mga suhestiyon ukol sa itatayong *Regional Government Center* sa syudad. Nakikita umano niya ito bilang isang malaking bentahe upang lubos na umunlad ang Calapan lalo na't makapaghihikayat ito ng mas maraming trabaho at pagkakakitaan para sa mga Calapeño.

Higit sa 20 opisyal ang kumatawan sa kani-kanilang mga ahensya sa pangunguna ni National Economic Development Authority Region IV-B Director Oskar D. Balbastro.

Masusing tinalakay ni Dir. Balbastro ang schedule ng paglipat sa lungsod ngayon taon ng mga ahensyang hanggang sa kasalukuyan ay nasa mga dati pa nilang lokasyon.

Ang ilan sa mga ahensyang may *regional office* na sa lungsod ay ang Department of Trade and Industry (DTI), National Economic Development Authority (NEDA), Department of Tourism (DOT), National Telecommunications Commission (NTC), Philippine National Police (PNP) PNP, Technical Education Skills Development Authority (TESDA), atpb.

Tinugunan naman ni Presidential Adviser (PA) for New Government Centers Victor Domingo ang hinaing ng mga direktor ukol sa kanilang mga balakid upang tuluyan ng makalipat ng opisina sa Calapan tulad ng (1) kawalan ng *manpower* dahil sa pagkakabinbin ng kanilang *rationalization plan* sa Department of Budget Management (DBM); (2) kawalan ng rental fund para sa mga bagong opisina na kanilang lilipatan; at (3) kawalan din ng pondo para sa pangkalahatang gastusin sa paglilipat ng mga gamit at kawani. Ipinangako ni PA Domingo na kanyang isasangguni ang lahat ng ito sa Pangulo sa lalong medaling panahon upang agad din masolusyonan.

Inaasahan na bago matapos ang taong 2009 ay makukumpleto na ang paglipat ng mga ahensyang nabanggit sa Lungsod ng Calapan.

### SAGOT SA SIDUKO

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 4 | 1 | 7 | 2 | 6 | 5 | 8 | 3 | 9 |
| 5 | 9 | 2 | 3 | 8 | 1 | 7 | 4 | 6 |
| 8 | 3 | 6 | 9 | 4 | 7 | 5 | 1 | 2 |
| 3 | 7 | 5 | 1 | 9 | 6 | 4 | 2 | 8 |
| 2 | 8 | 9 | 5 | 7 | 4 | 1 | 6 | 3 |
| 1 | 6 | 4 | 8 | 3 | 2 | 9 | 7 | 5 |
| 7 | 2 | 3 | 4 | 5 | 8 | 6 | 9 | 1 |
| 9 | 4 | 8 | 6 | 1 | 3 | 2 | 5 | 7 |
| 6 | 5 | 1 | 7 | 2 | 9 | 3 | 8 | 4 |

# Palawan power outages worry business leaders

PALAWAN buisiness leaders recently who also expressed alarm over alleged "continuing inaction on crucial power supply issues in the province" which they fear "is undermining efforts to promote the province as an important investments and tourist destination."

They called on Palawan Representatives Abraham Mitra and Antonio Alvarez to "conduct a thorough probe of Palawan's power crisis."

They also asked Puerto Princesa Mayor Edward Hagedorn "to make good his warning to hold the Palawan Electric Cooperative (Paleco) accountable for the recurring power supply problems in the province if it fails to put a stop to brownouts by this month.

Palawan residents and business leaders have earlier complained about the unreliability of the power distribution services provided by Paleco, saying the current state of its service "could prove to be a major embarrassment to the province in the domestic and international tourism community."

Lawyer Vicente Tan, former president of the Palawan Chamber of Commerce and incoming president of the Palawan Chinese Chamber of Commerce said the brownouts, which remained unabated over the past two years, will be a major disincentive to investors and tourists who want to come to the province.

Tan said the Palawan business community "is worried that, no clear solution and no visible action have been set in place to address the issue."

The business leaders also warned that "finger-pointing between the power generator and the distributor will not help solve the worsening power crisis in Palawan."

They said National Power Corp. (Napocor) officials have assured the Palawan business community that there is enough power supply for the province, noting that there is even a 5-megawatt surplus. Since there is a stable power supply, the problem appears to be rooted on shortcomings on the side of power distribution.

Napocor supplies some 40 megawatts of power to both Palawan province and Puerto Princesa City. The power is sourced from three independent producers: Palawan Power, Agreco and Delta P.

Tan also warned that aggressive efforts to market the major tourist attractions of Palawan "is being undermined by the power distribution problems and issues."

The province and the city of Puerto Princesa are hoping for a major increase in tourist arrivals in the very near future in the wake of the growing renown of the Underground River, Tan explained.

We are worried that once investors and tourists find out about the power distribution issues here, they can have second thoughts about coming in, he added.

# Mindoro murder suspect arrested in Batangas City

ONE of the fugitives in Mindoro's wanted list was arrested Tuesday morning (Feb.3) in Barangay Dau, Batangas City.

Murder suspect Heraquilo Cabatay, 42, also known as "Uban" was arrested while sleeping inside an owner-type jeep outside the residence of one of the city's barangay captains, Victorino Cabatay.

The suspect was served a warrant of arrest from a Calapan court for an alleged murder. Heraquilo was turned over to 409th Police Provincial Mobile Group in Calapan.

Inspector Domingo Ballesteros of the Batangas Police's Operations group, said Barangay Chairman Victorino is an alleged leader of a criminal syndicate group and coddles wanted criminals whom he then uses for illegal activities.

Authorities also issued a search warrant for illegal possession of firearms but failed to retrieve any in the barangay chairman's residence.

Police is making follow-up investigations.


Welcome Dealers!

BE A MEMBER OF

Fuller Life Natasha Red Logo M&Co. Royale Business Club

Avon, BBB Trading, Boardwalk, Cd Jeans, D.E.I, Dakki Edmark, Ever Bilena, F101, FX, Fern C, Hangten, LR, Mla. Memorial, Plan, MSE, Provident Plan, Personal Collection, Raffles, Sundance, St. Therese, Sophie Paris, Triumph, Usana, Venezia, Vita Plus, World Balance



Get 20 - 50% Discount and Rebates

Join Now:

Contact: MELANIE SIGUE

Tels: 563-1707 / 567- 2518 upto 20

Cel: 0920-9618329

melanie_sigue@yahoo.com

## Tawa-Tawa
### Bulaklak ng Saya

**Kahit mahirap ang buhay dahil sa pandaigdigang krisis pangkabuhayan na nararanasan ngayon, harapin natin ang Taong 2009 na nakangiti.**

**Mangyan ATM**
DAHIL sa dami ng naimpok na perang pinagbentahan sa saging, isang Mangyan ang pinagka-looban ng ATM (automatic teller machine) sa Landbank-Pinama-layan.

Nang subukan niyang mag-withdraw, nagkataong off-line/ nagha-hung ang ATM kaya hindi siya makakuha ng pera.

Pinukpok nito ang ATM sabay sabing: "Mas mahigpit ka pa sa misis ko, ha!"

Nang muli niyang isubo ang ATM card, kinain na ito ng makina.

"Hayan! Gusto mo pang kumpiskahin at ikaw ang humawak ng ATM card ko! Talagang ka talaga ng asawa ko!"

Muling pinukpok ang ATM. Iniluwa nito ang card.

"Aha, marunong ka palang mahiya. Hindi katulad ng asawa ko."

**Supply ng LPG**
Malaking problema sa Mimaropa ang kakapusan sa supply ng "LPG" (laging palapa ang gatong). Aabujtin ito ng 10 o higit pa bago malunasan. Baka hindi pa nga.

Kasi ang mga puno ng niyog na pinagmumulan ng supply ng LPG ay ginawa nang coco lumber.

**Bagong pangalan**
May bagong pangalan na raw ang PDEA (Philippine Drug Enforcement Agency) Ito'y "Palparan Drug Enforcement Agency" na.

Gayundin ang Legacy Group pre-need company. Ngayon ay Lugi Group na. Pag nagpatuloy pa ito, baka palitan uli ng Lokohan Group .

**The small Pinay**
Malacañamg received a call from the White House.
Obama: Hello! May I speak please to that small but great Filipina who is the idol of Filipinos.
Gloria: Speaking.
Obama: Hello Clarice! Can you please sing again for me this time in the White House with the Diplomatic Corps?
(Impit na hagikgik lang. Kontrolin ang pagtawa).

**Ano sa tagalog**
Isalin sa tagalog ang sumusunod:
1. Yuchengco corner Tan Streets.
2. Flocerfina corner Tinio Streets.

**3 Chinese players**
Nakangiti ang lahat kapag sunud-sunod na tinatawag sa apelyido ang 3 mestisong Chinese na sina Rosendo Uy, Macario Yu at Arcadio Tan .

*U can send in ur jokes n dis corner.*

# Calapan Taekwondo Team humakot ng medalya sa 'Dinagyang Festival'

MULING pinatunayan ng Calapan City Taekwondo Team ang kanilang determinasyon at galing matapos nitong makalikom ng 6 na ginto, 1 tanso at 4 na pilak sa katatapos na Mayor Jerry Treñas National Taekwondo Championships na ginanap sa Ateneo de Iloilo Gym, Iloilo City noong Enero 24 kaugnay ng selebrasyon ng Dinagyang Festival.

Ang mga nasabing torneo ay nilahukan ng humigit kumulang na 500 taekwondo jins mula sa iba't ibang koponan ng Iloilo City, Cebu City, Aklan, Antique, Bacolod City, Manila, at Cagayan de Oro City.

Bagaman isa sa pinakamala-yong delegasyong lumahok, pinamalas ng Calapan City ang kahandaan nitong makipagtunggali sa isang nasyunal na kumpe-tisyon, matapos nitong makakuha ng medalya sa lahat ng kategoryang nilahukan nito:

***Gold Medal***
1. Sir Ian Dominic Caraan - 120-128 cm (Grade School Boys - Advance)
2. Jay Richard Villanueva - 128-136 cm (Grade School Boys - Novice)
3. Maica Mejico - Junior Finweight – women
4. Kevin Coling - Midjunior Bantamweight – men
5. Kathleen Joy Dilay - Junior Welterweight – women
6. Frederick Morales - Senior Bantamweight – men

***Silver Medal***
1. Ma. Laney Kaye Panahon - 120-128 cm (Grade School Girls - Novice)

***Bronze Medal***
1. Vince Andrei Panahon - 136-144cm (Grade School Boys - Advance)
2. Deanriel Hernandez - Midjunior Superfinweight – men
3. Paul Angelo Maligon - Senior Flyweight – men
4. Rodrigo Rosales - Senior Finweight – men

Bukod sa mga medalyang natanggap, nakuha din nina Caraan, Villanueva at Dilay ang Best Player Award sa kanilang mga dibisyon. Pinangunahan nina City Youth & Sports Development Officer Marvin L. Panahon, Frederick Morales (trainor) at Head Coach Mario Frigillana ang delegasyon na naging matagumpay sa pamamagitan ng suportang pinansyal na pinagkaloob ni City Mayor Doy C. Leachon mula sa Sports Development Fund.

**CALAPAN...**
***(Buhat sa Pahina 1)***
kagalakan sa ipinakitang pagkilala ng kapulisan sa kanyang naiambag sa ikakabuti at ikakaayos ng sitwasyong pangkatahimikan at kapayapaan sa lungsod.

Aniya, patunay lamang ang parangal ng magandang koordinasyon at tulungan ng kapulisan, Pamahalaang Lungsod at mga mamamayan ng Calapan.

Matatandaan na lubos ang suporta ng Administrasyong Leachon sa kapulisan. Nagbigay siya ng mga pinansyal at teknikal na ayuda katulad ng mga *patrol cars*, *equipments*, pagsasaayos ng mga *police substations* at iba pa. Isinama din ni Leachon ang mga miyembro ng Calapan City PNP sa kanyang programang pabahay para sa mga empleyado ng gobyerno.

Dumalo rin sa nasabing gawain sina Congressman Alfonso Umali ng ikawang distrito ng Oriental Mindoro, PNP Mimaropa Police Regional Director Chief Supt. Luisito Palmera at iba pang mga piling panauhin.

Umaasa si Leachon na ang mga parangal ay magsisilbing insperasyon sa mga miyembro ng kapulisan sa buong rehiyon para mas mapabuti pa ang kanilang pagbibigay serbisyo sa mga mamamayan ng Region IV – B.



**Happy Birthday!**

*To Manong Gauden Sigue, first barangay captain of G. Antonino (Tinalunan), Gloria, Oriental Mindoro who is turning 72 years old on February 12.*

*Greetings from his brothers, sister, children, nephews, nieces and grandchildren.*

**PAPI...**
***(Buhat sa Pahina 1)***
pagkakaisa ng mga publishers at iba pang miyembro ng working media upang masugpo ang mga problema at krisis na nagpapahirap sa bansa.

Pangunahin dito anya ang malubhang korupsyon sa gobyerno. "Tayong mga kagawad ng midya ay dapat maging masigasig sa ating tungkulin bilang tagapagsalita ng katotohanan.

Alam ng lahat na ang pinakamakapangyarihan at mabagsik mang diktador ay sumusuko sa media. Sila' pinatatalsik sa pwesto sa lakas ng taong bayan at tulong ng midya,," wika ni Romero, publisher ng *Island Observer* .

Ayon sa kanya , hindi matatawaran ang kagitingan at pagkamakabayan ng mga alagad ng media Mahigit ng 200 mamamahayag, kolumnista at iba pang kagawad ng tri-media ang napatay simula noong 1986.

Ito'y bantayog ng malayang pamamahayag. Noong nakaraang buwan, ang PAPI ay nagdaos ng taunang media summit at convention sa Baguio City

**BOMB THREATS...**
***(From Page 1)***
threat because the strict tax mapping operation implemented by the BIR on all city establishments not complying with the tax regulations at imposed fines.






**We are read worldwide. We send our copies to big associations of Mindoreños abroad through the electronic mail ...And now our Website is on test**




*We are centrally located in the province along the Strong Republic Nautical Highway at Brgy. G. Antonino (katabi ng Smart Tower),*

*Gloria, Oriental Mindoro, Philippines*

e-mail: tworivers_inc@yahoo.com

website: islandobserver.tripod.com

**Tels: 09285075699/09206346533/09082015419**